Volume 5 Issue 1
Enero - Abr 2025

# THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)

## TUKLASIN: Plant Tour Activity, idinaos

Pahina 6




Scholar's Testimony: Engr. Cris Marlo G. Balani

Pahina 3

Coastal Clean-Up sa Brgy. Carenahan, matagumpay na naisagawa

Pahina 4

Sewing and tailoring livelihood sa Calantas, binuksan na

Pahina 5

# MENSAHE



## Charlie V. Robles
Vice President and
Power Complex Manager

Magandang araw po sa lahat!

Kami po sa SCPC at SLPGC ay nais magpasalamat sa inyong patuloy na suporta at tiwala sa amin bilang katuwang sa pagbibigay ng ligtas at maaasahan na suplay ng kuryente.

Bilang bahagi ng aming misyon, ang inyong kaligtasan at kapakanan ay ang aming prayoridad. Kaya naman patuloy kaming nagsasagawa ng mga hakbang upang masiguro ang maayos at tuloy-tuloy na operasyon ng aming mga planta. Pati na rin ang pagpapabuti ng aming mga serbisyo at teknolohiya, para matugunan ang mga pangangailangan ng bawat tahanan at negosyo sa ating komunidad.

Bukod dito, asahan ninyong patuloy rin kaming magsasagawa ng mga programa at inisyatibo na magbibigay suporta sa pagpapanatili ng kaayusan at kaligtasan sa komunidad.

Maraming salamat po at patuloy tayong magtulungan para sa isang mas maliwanag at mas progresibong bukas.



## Regine V. Cabaces
IMMC & Scheduling
Superintendent

Magandang araw po sa lahat!

Kaisa ng mga miyembro ng SCPC at SLPGC, nais ko pong magpasalamat sa patuloy ninyong pakikiisa at pagsuporta sa aming layunin na makapagbigay ng kalidad na serbisyo para sa komunidad.

Ngayong unang kwarter ng 2025 ay ipinagdiwang natin ang Women's Month. Bilang isang babae sa larangang kadalasang pinangungunahan ng mga kalalakihan, nais kong ipaalala sa lahat lalo sa kapwa ko kababaihan, na walang hadlang sa kayang maabot ng ating kakayahan at determinasyon.

Patuloy nating gawing inspirasyon ang bawat isa na kung saan ang lahat ay mahalaga at may pagkakataong na magtagumpay sa lahat ng larangan.

Mabuhay ang kababaihan, at sama-sama tayong magtulungan para sa mas maliwanag na kinabukasan!


THE CURRENT

**Editorial Adviser:** Charlie V. Robles
**Editor in Chief:** Portia M. Vizconde
**Managing Editor:** Ellaine R. Macayan
Myrla O. Delos Angeles
**Associate Editor:** Vincent M. Humarang
Marian Grachel T. Condat
Laurice G. Zapanta
**Editorial Assistant:** Katlyn P. Rosales
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

Republic of the Philippines Department of Energy
Semirara Mining & Power Corporation
Sem-Calaca Power Corporation
Southwest Luzon Power Generation Corporation


## MGA NILALAMAN


**02** Mensahe

**03**
Scholar's Testimony: Engr. Cris Marlo G. Balani
KILALANIN: Mga bagong iskolar ng SCPC at SLPGC
Pre-Orientation ng Pipefitting Skills Training, sinimulan na


**04**
Garbage drums, ipinamahagi sa iba't ibang barangay
Nasa Calyenisan: Bayanihan para sa malinis na kapaligiran!
Coastal Clean-Up sa Brgy. Carenahan, matagumpay na naisagawa

**05**
Alertong Batangueño: SCPC at SLPGC, Nakilahok Sa Fire Prevention Month
Blood Donation Activity, tagumpay na naisagawa
Sewing and tailoring livelihood sa Calantas, binuksan na

**06**
Focus-Group Discussion, isinagawa sa apat na sustainability partners
TUKLASIN: Plant Tour Activity, idinaos

**07** Hanapin at Alamin

**08** MMT Results



## Scholar's Testimony: Engr. Cris Marlo G. Balani

Ako si Engr. Cris Marlo G. Balani, isa sa mga mapapalad na nabigyan ng pagkakataong maging bahagi ng SCPC Scholarship Program Batch II—isang biyayang naging simula ng pag-abot ko sa aking mga pangarap.

Simula pa lang, alam kong hindi ito madali. Bitbit ko ang responsibilidad na panatilihin ang magandang performance sa klase, maging aktibo sa mga gawain, at higit sa lahat, mapatunayan na ako'y karapat-dapat sa tiwalang ibinigay ng kumpanya. Maraming puyat, maraming pagsubok, pero hindi ako bumitaw. Dasal, disiplina, at determinasyon ang naging gabay ko sa bawat hakbang.

Matapos ang ilang taon, hindi lang ako grumaduate bilang Cum Laude ng BS Mechanical Engineering, nakapasa rin ako sa board exam at higit sa lahat, na-hire ako sa mismong kumpanyang nagbigay ng scholarship sa akin. Mula sa pagiging Plant Mechanic noong 2017, ngayon ay isa na akong Supervisor sa Coal Handling Operations ng Sem-Calaca Power Corporation. Hindi ko mararating ang lahat ng ito kung hindi dahil sa mga taong naniwala at sumuporta—lalo na ang SCPC Scholarship Program. Kaya sa lahat ng kasalukuyang scholars at mga estudyanteng patuloy na nangangarap, huwag kayong bibitaw.

Ang mga pangarap ay tila imposibleng maabot sa simula. Pero kapag sineryoso mo, trinabaho mo, at buong pusong nilabanan ang bawat hamon, nagiging posible hanggang sa maging totoo. Ako po ay habambuhay na magpapasalamat sa inyo, SCPC. Maraming salamat!

Engr. Cris Marlo G. Balani, RMEE
SCPC Scholars Batch II




## KILALANIN: Mga bagong iskolar ng SCPC at SLPGC

**18** aspiring engineers

Pormal nang ibinahagi ng SCPC at SLPGC ang Academic Scholarship Certificate sa mga aspiring engineers noong January 31, 2025. Ang scholarship program na ito ay patuloy na isinasagawa ng kumpanya upang mabigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na makapagtapos ng pag-aaral at makamit ang mas magandang kinabukasan.

Sa kasalukuyan, 89 graduate scholars na ang nasuportahan at natulungan ng kumpanya mula sa iba't ibang bahagi ng probinsya ng Batangas.




## Pre-Orientation ng Pipefitting Skills Training, sinimulan na

**20** Trainees

Opisyal nang sinimulan ng SCPC at SLPGC ang pre-orientation ng Pipefitting Skills Training mula sa Lungsod ng Calaca at Munisipalidad ng Balayan noong Marso 20, 2025. Katuwang ang TESDA-RTC CALABARZON, tinalakay ang mga benepisyo at detalye ng pagsasanay, katulad ng tamang pagkakabit, pagsasaayos, at paggamit ng mga tubo.

Layunin ng programa na magbigay ng mga dagdag kasanayan sa pipefitting sa mga kalahok na magbubukas ng mas maraming oportunidad at trabaho sa kanila.







## Garbage drums, ipinamahagi sa iba't ibang barangay

**20**
**garbage drums**

Namahagi ang SCPC at SLPGC ng garbage drums sa Brgy. Lumbang Calzada, Brgy. Niyugan, at Brgy. Timbain at sa City Environment and Natural Resources Office sa Lungsod ng Calaca bilang suporta sa Nasa Imis Ganda Program ng lokal na pamahalaan.

Layunin ng mga donasyong ito na matulungan ang komunidad sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran, na siyang binibigyang-halaga rin ng kumpanya.



## Nasa Calyenisan: Bayanihan para sa malinis na kapaligiran!

**10kg** **recyclables**

**23kg** **residual wastes**

Nakilahok ang 22 empleyado ng SCPC at SLPGC noong March 13, 2023 sa "Nasa Calyenisan", isang programa ng pamahalaan ng Lungsod ng Calaca na naglalayong mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng mga kalye at bawat sulok ng kapaligiran.

Nakapaglinis ang mga empleyado kasama ang iba pang  mga volunteers sa baybayin ng Dacanlao High School hanggang sa Bagong Tubig Bridge.



## Coastal Clean-Up sa Brgy. Carenahan, matagumpay na naisagawa

**32kg** **residuals**

**5kg** **recyclables**

Tagumpay na naisagawa ng SCPC at SLPGC ang Coastal Clean-up Drive sa Brgy. Carenahan noong Marso 19, 2025.

Sa tulong ng 17 volunteers mula sa Bantay-Dagat at Agriculture ng Balayan, nilinis ang mga basura sa dalampasigan, isang hakbang para mapanatili ang kaayusan sa tabing-dagat at tulungan ang mga mangingisda.




## Alertong Batangueño: SCPC at SLPGC, Nakilahok Sa Fire Prevention Month

Aktibong nakilahok ang SCPC at SLPGC sa Fire Prevention Month Kick-Off Ceremony na ginanap noong March 4, 2025, na may temang "Sa Pag-iwas sa Sunog, Hindi ka Nag-iisa".

Ang aktibidad na ito ay taunang isinasagawa para bigyang paalala ang komunidad na maging alerto at alamin ang iba't ibang paraan upang manatiling ligtas at handa laban sa sunog. Patuloy nating hikayatin ang isa't isa na palawakin ang kamalayan at magtulungan para panatilihing ligtas ang ating pamayanan.







## Blood Donation Activity, tagumpay na naisagawa

**58** blood bags

**63** donors

Isang matagumpay na blood donation drive ang isinagawa kamakailan ng SCPC at SLPGC, katuwang ang Philippine Red Cross-Batangas Chapter, Nasugbu Branch.

Lubos ang pasasalamat ng kumpanya sa patuloy na suporta ng mga empleyado at mga partners sa programang ito na nagbibigay ng pag-asa at panibagong lakas sa mga nangangailangan.

KABUHAYAN

## Sewing and tailoring livelihood sa Calantas, binuksan na

Noong Marso 27, 2025, opisyal nang binuksan ang Sewing and Tailoring Livelihood Program sa Barangay Calantas. Ang programang ito ay naisakatuparan sa tulong ng SCPC, SLPGC at Lungsod na Calaca na siyang magbibigay ng kasanayan at dagdag oportunidad sa residente ng barangay.

Ayon kay Isidro Lopez, pangulo ng Samahan ng mga Magsasaka ng Calantas (SAMASACA), "Maraming-maraming salamat po sa bumubuo ng Sem-Calaca Power Corporation at Southwest Luzon Power Generation Corporation, kasama ang Lungsod ng Calaca sa pagbibigay sa amin ng oportunidad na mas mapayabong ang aming kabuhayan".







# Focus-Group Discussion, isinagawa sa apat na sustainability partners



Isang masusing pag-uusap ang isinagawa ng SCPC at SLPGC sa apat na sustainability partners kabilang ang Batangas State University-The National Engineering University (BSU-TNEU), Department of Science and Technology (DOST), Office of the Provincial Agriculturist (OPA), at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) Batangas City noong February 21, 2024.

Ang pagpupulong na ito ay naglalayong mapagtibay ang pakikipagtulungan ng kumpanya sa iba't ibang organisasyon at makalikha ng mga proyekto para sa komunidad tungo sa kaunlaran.

TAMPOK

# TUKLASIN: Plant Tour Activity, idinaos

**25** Mechanical Engineering students

Malugod na tinanggap ng SCPC at SLPGC ang mga estudyante mula sa Central Philippine University noong January 14, 2025 para sa kanilang Plant Tour.

Nabigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na makalibot at mas maunawaan kung paano tumatakbo ang operasyon sa planta. Kasabay nito, ibinahagi din ang mga iba't ibang Social Development Programs ng kumpanya.

Layunin ng aktibidad na itong mabigyan ng inspirasyon at sapat na kaalaman ang mga estudyante sa pamamagitan ng hands-on field learning experiences.











# Hanapin at Alamin

BALAYAN
CALACA
SAN RAFAEL
DACANLAO
BACLARAN
PANTAY
CAMASTILISAN
QUIZUMBING
CALANTAS
SAMPAGA
DURUNGAO
CAYBUNGA
CARENAHAN

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| J | Q | C | D | T | C | R | F | O | X | M | W | E | V | U | I | E | B | G | L |
| I | Q | I | D | U | U | A | N | K | Y | Y | V | Q | F | K | V | D | A | T | Q |
| G | B | P | U | W | A | J | L | Z | R | P | P | Y | P | J | V | N | L | P | N |
| G | E | Q | R | I | P | G | K | A | A | N | K | F | N | X | N | Q | A | P | N |
| C | M | K | U | N | S | C | K | F | N | W | U | O | P | K | F | W | Y | X | U |
| C | A | S | N | L | C | K | L | E | W | T | G | E | D | B | A | X | A | J | N |
| A | S | M | G | E | V | Q | M | M | Z | P | A | T | K | M | H | I | N | H | Q |
| R | O | I | A | N | A | J | X | C | A | M | Y | S | K | P | X | E | X | N | B |
| E | F | Z | O | S | F | Q | N | B | S | A | M | P | A | G | A | N | U | V | Q |
| N | P | O | B | U | T | B | D | C | P | E | K | H | N | K | O | U | L | H | R |
| A | N | V | D | I | P | I | R | Q | A | R | N | Y | E | P | Z | E | B | W | S |
| H | V | O | A | Q | H | U | L | U | W | Y | U | Y | V | Z | A | N | K | Z | T |
| A | O | Y | I | P | M | B | K | I | C | P | B | X | N | F | F | X | V | X | Q |
| N | J | C | L | E | N | T | D | Z | S | C | S | U | A | N | R | M | W | I | D |
| Z | S | G | A | U | M | D | X | U | S | A | U | R | N | A | S | H | M | V | M |
| U | Q | U | H | L | C | I | G | M | W | L | N | W | Q | G | V | S | J | D | D |
| E | Y | E | V | E | A | M | O | B | B | A | C | L | A | R | A | N | C | A | C |
| P | X | J | L | D | M | C | A | I | S | C | Y | B | L | W | T | J | E | K | F |
| I | L | D | Z | D | A | C | A | N | L | A | O | K | P | C | A | V | K | G | M |
| Z | G | Z | L | N | Q | K | N | G | P | H | X | C | L | I | Y | T | U | A | M |

Alam mo ba na ang Sem-Calaca Power Corporation at Southwest Luzon Power Generation Corporation ay may labing-isang (11) impact barangays at dalawang (2) host LGUs.

## SMPC's Annual and Sustainability Report 2024

To download a copy, scan the QR code with your smart phone or visit the link below

**bit.ly/2024SMPCASR**



# MMT RESULTS

We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.

## Plant Effluents

*The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.*

| | pH | B (Boron) | COD | Oil & Grease | Phosphate | TSS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| SCPC | 8.4 | 4.08 | 72 | <1.0 | <0.02 | <1 |
| SLPGC | 8.5 | 3.93 | 92 | <1.0 | <0.02 | 1 |
| DENR Standards | 6.5-8.5 | 25 | 200 | 10 | 4 | 100 |

## Ambient Air Quality

*Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.*

| | TSP | $PM_{10}$ | $NO_2$ | $SO_2$ | $PM_{2.5}$ |
|---|---|---|---|---|---|
| UPWIND STATION (Brgy. Timbain, Calaca, Batangas) | 29 | 25 | 4 | 7 | 0 |
| DOWNWIND STATION (Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas) | 35 | 30 | 4 | 7 | 15 |
| DENR Standards | 300 | 200 | 260 | 340 | 35 |

## Ambient Noise Quality

*The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.*

| | Morning | Daytime | Evening | Nightime |
|---|---|---|---|---|
| In front of South Bay Terminal | 53 | 57 | 56 | 55 |
| Ouside Gate 1 | 56 | 56 | 56 | 54 |
| Intersection going to SLPGC | 56 | 58 | 56 | 54 |
| Dacanlao Highway | 56 | 58 | 57 | 55 |
| In front of M. Secreto's house | 56 | 60 | 56 | 56 |
| In front of A. Valencia's house | 54 | 58 | 55 | 55 |
| Water intake before Dacanlao Bridge | 58 | 59 | 56 | 57 |
| In front of SLPGC Water Intake | 54 | 56 | 57 | 55 |
| DENR Standards | 70 | 75 | 70 | 65 |

***Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)**

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com
www.semiraramining.com
facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
youtube.com/@semirarampc
linkedin.com/company/semirarampc

SEM-CALACA POWER CORPORATION

SOUTHWEST LUZON Power Generation Corporation